# Mensahe mula sa Kalihim ng Estado

Minamahal na Botante ng California,

Mahalaga ang Bawat Halalan. Upang matiyak na umuunlad ang demokrasya, mahalaga ang iyong pakikilahok sa bawat halalan. Bilang isang botante sa California, magkakaroon ka ng pagkakataon sa darating na Nobyembre 5, 2024, na Pangkalahatang Halalan na bumoto sa mga inihahalal na katungkulan sa lahat ng antas ng pamahalaan, at direktang maapektuhan ang mga patakaran ng estado at lokal na pamahalaan sa pamamagitan ng pagboto sa mga proposisyon sa balota ng estado at mga panukalang lokal.

Ang Gabay na Impormasyon para sa Botante na ito ay makakatulong sa iyo na gumawa ng mga desisyon tungkol sa mga kandidato sa buong estado at mga isyu sa balota ng Nobyembre 5. Kasama sa gabay ang mahalagang impormasyon tungkol sa kung kailan at saan ilalagay ang iyong balota, ang mga karera sa Senado ng Estados Unidos, mga proposisyon sa balota ng estado, at ang iyong mga karapatan bilang isang botante sa California.

Upang maging mas madali para sa iyo na makilahok sa nalalapit na halalan, mas marami kang araw at mas marami kang paraan para bumoto! Mahahalagang petsa at opsyon sa halalan:

Ipapadala ng mga county sa bawat rehistradong botante sa California ang kanilang balota para sa Halalan sa 2024 bago ang **Oktubre 7, 2024**.

- Maaaring ibalik ng mga rehistradong botante ang kanilang balota sa pamamagitan ng koreo gamit ang ibinigay na sobreng may bayad nang selyo, hangga't ang balota ay may **tatak-koreo sa o bago ang Araw ng Halalan at natanggap ng opisina ng mga halalan ng iyong county nang hindi lalampas sa 7 araw pagkatapos ng Araw ng Halalan**.
- Magsisimula ang maagang pagboto sa **Oktubre 7, 2024**. Ang mga opisyal ng halalan ng county ay nag-aalok ng maagang pagboto sa kanilang tanggapan at maraming county ang nag-aalok ng maagang pagboto sa mga karagdagang lokasyon bago ang Araw ng Halalan.
- Magbubukas ang mga drop-off na lokasyon ng pagboto nang hindi lalampas ng **Oktubre 8, 2024**.
- Maaari mong ibalik ang iyong balota o bumoto sa mga sentro ng pagboto sa mga county ng Batas sa Pagpipilian ng Botante simula **Oktubre 26, 2024**.
- Ang Araw ng Halalan ay sa **Nobyembre 5, 2024**, at ang huling araw para bumoto sa Pangkalahatang Halalan.

Gumawa ng Plano Upang Bumoto—Tukuyin kung ikaw ay boboto sa pamamagitan ng koreo, ihuhulog ang iyong balota sa isang drop-off na lokasyon, o boboto sa personal sa isang lugar ng botohan sa kapitbahayan o sentro ng pagboto.

Subaybayan ang Iyong Balota—Maaaring subaybayan ng mga botante ang isang balota na kanilang ipinadala o isinumite sa isang drop-off na lokasyon sa pamamagitan ng pag-sign up sa *WheresMyBallot.sos.ca.gov* upang makatanggap ng text, email, o mga voice status alert.

Ang pagboto ay tungkol sa pagkakaroon ng impluwensya sa mga desisyong ginagawa tungkol sa kung paano tayo mamumuhay at kung paano pinatatakbo ang ating mga komunidad. Ang paglaan ng oras upang malaman ang tungkol sa mga isyu at mga kandidato at ang pagboto ay nangangahulugan na ang iyong boses ay mapapakinggan at ikaw ay may impluwensya sa hinaharap.

Salamat sa pagpapanatiling matatag ang ating demokrasya!